## Ano ang ilang mga posibleng epekto ng gamot para sa impeksyon ng TB?

Ang mga epekto ng mga tabletas ay bibihira, ngunit maaaring kabilagan ng:

- Pagkahilo
- Pagsusuka
- Maitim na ihi
- Nagpapantal na balat
- Naninilaw na balat at/o mata
- Pagkawala ng gana sa pagkain
- Nangingimay na mga kamay at paa

**Kung mayroon ka ng anumang mga ganitong epekto, sabihin kaagad sa iyong doktor, nars, o sa sinanay na manggagawang pangkalusugan mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.**

## Anong papel ang gagampanan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan?

Ang Kagawaran ay nag-aalala tungkol sa iyo at sa iyong pamilya at nagbibigay ng panggamot para sa impeksiyon sa TB. Kung ikaw ay ginagamot ng Pampublikong Kalusugan, maaari kang tingnan ng isang doktor o Nurse Practitioner na mayroongg espesyal na pagsasanay sa pangangasiwa ng mga pasyente na may impeksyon sa TB o aktibong sakit sa TB.

Para sa mas marami pang impormasyon sa TB, bisitahin ang **www.publichealth.lacounty.gov/tb**

CDCP-TB-0002-01 (Rev: 03/04/25)

# Impeksyon ng TB

## Ano ang kailangan mong malaman para manatiling malusog




County of Los Angeles Public Health

## Ano ang Impeksyon sa TB?

Kung mayroon kang impeksyon sa TB, naroroon ang mga mikrobyo ng TB ngunit "tulog" sa iyong katawan. Kung mayroon kang impeksyon sa TB, hindi ka magkakaroon ng mga, maaaring hindi makaramdam ng sakit, at hindi mo maikakalat ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Gayunpaman, kung humina ang iyong sistema ng imyunidad (immune system), maaaring "magising" ang mga mikrobyo ng TB at dumami. Maaari ka nang magkasakit ng aktibong TB. Kung mayroon kang aktibong TB, magkakaroon ka ng mga sintomas tulad ng malubhang pag-ubo, pinagpapawisan sa gabi, pagkapagod, at pagbaba ng timbang. Bukod dito, maaari mo ring maipasa ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Ang TB ay pangunahing nakakapekto sa mga baga, ngunit maaari rin itong makaapekto sa ibang bahagi ng katawan. Kung nananatiling hindi nagagamot, ang TB ay maaaring magdulot ng kamatayan.

## Paano nagkakaroon ng impeksyon ang isang tao?

Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa hangin kapag ang isang taong may sakit na aktibong tb ay umuubo, bumabahin, tumatawa, nagsasalita, o kumakanta. Kung lumanghap ka ng hangin na may mga mikrobyo ng TB, maaari kang mahawa. Gayunpaman, hindi ka mahahawa ng TB mula sa mga damit, pinggan, pagkain, kama, o pisikal na kontak sa isang taong may aktibong sakit sa TB.



## Ano ang paggamot para sa impeksyon sa TB?

Kung ikaw ay nagkaroon ng impeksyon ng mga mikrobyo ng TB, maaari kang magkasakit ng TB. Maaari itong mangyari kaagad o makalipas ang ilang taon. Ang impeksyon sa TB ay maaaring gamutin ng gamot laban sa TB. Mayroong mas maikli, mga rehimen na maaaring matapos sa loob ng 3-4 na buwan.

## Bakit ako dapat uminom ng gamot kung hindi naman ako nakakaramdam ng sakit?

Maaaring magkaroon ka ng aktibong sakit na TB kung hindi ka umiinom ng gamot para sa iyong impeksyon sa TB. Maraming mikrobyo ng TB ang namamatay pagkatapos mong simulan ang pag-inom ng iyong gamot, ngunit ang ilan ay nananatiling buhay sa iyong katawan ng matagal. Hangga't may mga mikrobyo pa rin ng TB sa iyong katawan, maaari silang "gumising," dumami, at magdulot sa iyo ng sakit. Kung umiinom ka ng gamot para sa TB, mahalagang tapusin mo ang pag-inom nito ayon sa inireseta ng iyong doctor o tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan.

## Paano ko malalaman kung mayroon akong impeksyon sa TB?

Magpasuri ka sa balat o sa dugo para sa TB. Kung magpapasuri ka sa balat, siguraduhing bumalik ka sa iyong doktor pagkatapos ng dalawa hanggang tatlong araw para sa iyong resulta. Kung magpapasuri ka naman sa dugo, hindi mo na kailangang bumalik sa klinika para sa iyong mga resulta.

| Ano ang pagkakaiba ng impeksyon sa TB at aktibong sakit na TB? | |
|---|---|
| **Impeksyon sa TB** | **Aktibong Sakit na TB** |
| Walang mga sintomas | Malalang ubo na tumatagal ng tatlong lingo o higit pa |
| Hindi nakakaramdam ng pagkakasakit | Pag-ubo ng dugo |
| Positibong pagsusuri sa balat o dugo (karaniwan) | Positibong pagsusuri sa balat o dugo (karaniwan) |
| Normal na x-ray sa dibdib (karaniwan) | Hindi normal na x-ray sa dibdib (karaniwan) |
| Hindi maikakalat ang TB | Walang ganang kumain |
| Maaaring magkaroon ng aktibong TB kung hindi kinumpleto ang paggamot | Panghihina, pagkapagod |
| | Kinikilig sag inaw, lagnat, at pinapawisan sa gabi |
| | Pagbaba ng timbang |

## Paano kung positibo ang resulta ang pagsusuri sa balat o sa dugo?

Ang isang positibong resulta ng pagsusuri sa balat o dugo ay karaniwang nangangahulugang ikaw ay mayroong impeksyon ng mga mikrobyo ng TB, ngunit hindi ito nangangahulugang mayroon kang aktibong sakit sa TB. Ang iba pang mga pagsusuri, tulad ng isang X-ray sa dibdib o sampol ng sputum (plema), ay kinakailangan upang malaman kung mayroon kang aktibong sakit sa TB.

### Kailan ako dapat magpasuri sa balat o sa dugo?

Dapat kang magpasuri para sa TB kung ikaw ay:

- May mga sintomas ng aktibong TB
- May nakasama ng matagal na mayroong aktibong TB
- May huminang sistema ng imyunidad, tulad ng HIV o dyabetis
- Nagturok ng mga ipinagbabawal na droga
- Kamakailan lamang ay dumating sa Amerika mula sa Latin Amerika, Caribbean, Aprika, Asya, o Silangang Europa
- Nagtrabaho o nanirahan sa isang tahanan para sa matatanda (nursing home), kanlungan para sa mga walang tirahan, bilangguan, o iba pang mga lugar kung saan maraming tao ang nagsasama-sama